

Lurie Children's Pinansiyal na Tulong

Buod ng Simpleng Wika

Sa pagtupad sa kanyang misyon, nakatuon ang Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital ng Chicago na gawing magagamit ng ating batang populasyon ang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kinikilala ng Ospital ang mga pangangailangang pinansiyal ng mga pasyente at pamilya na hindi kayang bayaran ang mga singil na may kaugnayan sa gastos ng medikal na pangangalaga. Kaugnay niyan, nagbibigay ang Ospital kung kinakailangan ng mga kinakailangang medikal na pangangalagang pangkalusugan na may diskuwento sa mga batang nakatira sa Illinois.

Upang pamahalaan ang mga mapagkukunan at responsibilidad nito at upang pahintulutan ang Ospital na magbigay ng tulong sa pinakamaraming bilang ng mga batang nangangailangan, binuo ng Lupon ng Mga Tagapangasiwa ang mga alituntuning ito para sa pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong

Kwalipikasyon at Iniaalok na Tulong

Upang maging kwalipikado para sa libreng pangangalaga o pangangalaga na may mababang singil, dapat na mag-apply ang pasyente at/o ang pamilya sa pamamagitan ng pagsagot sa isang maikling questionnaire. Hindi tatanggihan ang mga pamilyang nag-a-apply para sa Pinansiyal na Tulong batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, edad, bansang pinagmulan, o katayuang sibil. Ibatatay ang desisyong magbigay ng Pinansiyal na Tulong sa isang pagsusuri ng kita, ari-arian at mga pananagutan ng pamilya. Maaaring hilingin ang karagdagang impormasyon at sa huli ay maaaring makaapekto sa desisyon ng Ospital.

Ibatatay ang pangangailangan para sa medikal na paggamot ng sinumang pasyente sa klinikal na paghatol ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na hindi isinasaalang-alang ang kalagayang pinansiyal ng pasyente at/o magulang. Gagamutin ang lahat ng pasyente sa mga emerhensiyang kondisyong medikal nang walang diskriminasyon at kahit na ano pa ang kanilang kwalipikasyon para sa libre o may diskuwentong pangangalaga. Dapat magbigay ang mga pasyente at/o pamilya ng suportang dokumentasyon ng paninirahan sa Illinois. Hindi kwalipikado sa Pinansiyal na Tulong ang mga batang naninirahan sa labas ng Illinois o yaong naninirahan sa ibang bansa. Ipatatupad ang patakaranang ito kahit ano pa ang kalagayang pang-imigrasyon ng pasyente.

Pag-a-apply para sa Pinansiyal na Tulong

Maaaring magsumite ang mga nagnanais mag-apply na pasyente at pamilya ng aplikasyon at suportang dokumentasyon sa tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pasyente. Matatagpuan ang aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong sa website ng Ospital. Bilang kahalili, maaaring makakuha ng libreng nakalimbag na mga kopya ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Ospital o ang Buod ng Simpleng Wika nito sa pamamagitan ng pagbisita o pagtawag sa Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pasyente ng Ospital. Maaari kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pasyente para sa kopya ng aplikasyon at para talakayin ang anumang mga katanungang maaaring kayroon ka. Mangyaring kumpletuhin ang application form at isumite ito nang personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng e-mail, o sa pamamagitan ng fax para mag-apply para sa libre o may diskuwentong pangangalaga sa loob ng 240 araw kasunod ng petsa ng paglabas ng ospital o pagtanggap sa outpatient na pangangalaga. Ang Buod ng Simpleng Wika na ito sa mga wikang Ingles, Espanyol, Polish, Cantonese, Tagalog at Arabic.

Pagkalkula ng Libre o May Diskuwentong Pangangalaga

Programa	Magagamit Ni	Paglalarawan	Paano Mag-apply
Pinansiyal na Tulong - Libreng Pangangalaga	Pasyenteng Nakaseguro at Hindi Nakaseguro	Naghahandog ng libreng pangangalaga sa mga pamilya batay sa laki ng pamilya at may kita na mas mababa sa 300% ng Pederal na Alituntunin sa Kahirapan.	Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Programa ng Pinansiyal na Tulong
Pinansiyal na Tulong - Naka-sliding Scale	Mga Pasyenteng Hindi Nakaseguro at Nakaseguro	Naghahandog ng may diskuwentong pangangalaga sa mga pamilya batay sa laki ng pamilya at may antas ng kita sa pagitan ng 300% at 400% ng Pederal na Alituntunin sa Kahirapan.	Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Programang Pinansiyal na Tulong

Hindi Nakasegurong Sarili - Nagbabayad	Mga Hindi Nakasegurong Pasyente Lamang	Naghahandog ng kabawasang 45% sa mga pamilya batay sa laki ng pamilya at na may antas ng kita sa pagitan ng 400% at 600% ng Pederal na Alituntunin sa Kahirapan	Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Programang Pinansiyal na Tulong
Pinansiyal na Tulong – Sakuna	Mga Pasyenteng Hindi Nakaseguro Lamang	Nililimitahan ang mga gastusing mula sa sariling bulsa kapag ang mga utang na medikal partikular sa medikal na pangangalaga sa Lurie Children's ay mas mahigit sa 25% ng kabuuang kita ng pamilya	Kumpletuhin ang Aplikasyon para sa Programang Pinansiyal na Tulong
Programang Plano sa Pagbabayad	Mga Pasyenteng Hindi Nakaseguro at Nakaseguro	Tinutulungan ang mga pasyente sa kanilang mga pananagutang pinansiyal sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga kaayusan sa pagbabayad	Makipag-ugnayan sa isang Pinansiyal na Tagapayo sa 866-955-8200

Paunawa

Sa pagsisikap na bigyang kamalayan ang aming mga pasyente, mga pamilya at ang mas malawak na komunidad hinggil sa programang Pinansiyal na Tulong ng Ospital, gumawa ang Ospital ng ilang mga hakbang upang malawak na mailathala ang patakarang ito kabilang ang pagpapaskil ng nababasang karatula; pagbubuo ng Buod ng Simple Wika [Plain Language Summary (PLS)] na ito at pamamahagi ng pang-impormasyong polyeto sa mga registration desk. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon o mayroon kang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pasyente sa:

Admitting/Business Office
Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago
225 East Chicago Avenue, 12th Floor
Chicago, Illinois 60611

Web Site ng www.luriechildrens.org
Ospital:
Telepono (877) 924-8200

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, kinikilala ko sa pamamagitan nito ang pagtanggap ng Buod sa Simple Wika ng Lurie Children's

Pasyente o Personal na Kinatawan

Petsa:

Form #5564 Nirebisa 4/19, Nirebisa 5/14, Inaprubahan ng HIM 12/13